ANG PANITIKAN NG PAMBANSANG DEMOKRASYA

THE LITERATURE OF NATIONAL DEMOCRACY

GELACIO GUILLERMO

Gelacio Guillermo
17 Feb 1990

KALIKASAN PRESS
MANILA 1990

PL
6142
G85

ISBN 971-8577-17-3

Kapirayt 1990, Gelacio Guillermo
Reserbado lahat ng karapatan.

Ang librong ito, o anumang bahagi nito, ay hindi maaaring kopyahin, sa anumang porma o paraan, nang walang pahintulot galing sa tagalimbag.

Kalikasan Press
247 Manrique Street
Sampaloc, Manila
Pilipinas

Inihanda ang koleksyong ito
para sa U.P. Creative Writing Center.

Kay Neil Doloricon ang likhang sining-biswal sa pabalat.
Kay Jimmy A. Domingo ang disenyong pabalat.
Kay Sofia G. Guillermo ang editing at peys-ap.
Tumulong si Janet Puzon sa proof-reading.

Inimprenta at binuong aklat ng mga manggagawang
Pilipino sa Republika ng Pilipinas.

Maipagmamalaki
Gawang Pilipino

AUG 30 20

NILALAMAN

I

Ang Panitikan ng Pambansang Demokrasya 9

Ang Sitwasyon sa Panitikan
Pagkaraan ng Pag-aalsang EDSA 25

On Revolutionary Peasant Literature 41

Tungkol sa *Butong Binhi*, Kalipunan
ng mga Akdang Nagwagi sa Gantimpalang Ani 1987 47

The Role of Professional Writers
in Developing New Writers from the Basic Masses 53

Translation Work for the Masses 58

Toward a National, Scientific and Mass Culture 63

Somewhere in the Country(side) 68

II

Poetry of a People's Statesman 103

How Not to be Free 109

Options 114

A Question of Liberal Bourgeois Intellectuals 119

History, Fate, and American Aid 124

Closed or Open: Philippine Poetry in English 129

I

ANG PANITIKAN NG PAMBANSANG DEMOKRASYA

Ang Panitikan at Rebolusyon

ANG PANITIKANG PAMBANSA–DEMOKRATIKO ay ang pagsasakatuparan ng mahigpit na ugnayan ng panitikan at lipunan sa ating panahon. Para sa isang nagbabagong lipunang tulad ng Pilipinas, kailangan ang isang bagong panitikang nagsusulong ng pinakamatatayog na layunin ng mamamayan para sa pambansang kalayaan, demokrasya at kaunlaran. Pinagkakaisa nito ang pinakamalawak na mamamayan batay sa mga layuning ito, at pinakikilos sila para maganap ang lubos na pagbabago sa buhay-pampulitika, -pang-ekonomya at -pangkultura ng bansa.

Ang rebolusyonaryong kilusang pambansa-demokratiko ay nakatuon sa pagpapabagsak sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo na patuloy na naghahari sa lipunang malakolonyal at malapyudal. Sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, pinauunlad ang kilusang masa ng mga anakpawis sa nayon at lunsod, armadong pakikibaka at lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan. Ang pangunahing nilalaman ng kilusang ito ay ang pagpapatupad sa demokratikong kahilingan para sa lupa ng mahirap na magbubukid, na bumubuo ng pinakamalaking bahagi ng populasyon ng bansa. Ang pagpapa-

laya sa magbubukid mula sa pyudalismo at malapyudalismo, ang batayang panlipunan ng imperyalismong US, ang pangunahing salik sa pagpapaunlad ng kanayunan at ng buong bansa.

Samantala, inilulunsad ng mga manggagawa sa lunsod ang kilusang welga batay sa mga kahilingang pang-ekonomya at pampulitika, at isinusulong ang hangarin para sa pambansang industrialisasyon. Ang mga uring manggagawa at magbubukid ang bumubuo ng saligang alyansa sa rebolusyon; ang uring manggagawa ang gumaganap ng namumunong papel sa loob ng alyansang ito.

Ang mga panggitnang pwersa (estudyante, propesyunal, guro, taongsimbahan, makabayang negosyante) ay kumikilos batay sa mga demokratikong interes at kahilingan ng kanilang sektor na sinasagka ng imperyalismong US at mga lokal na galamay nito, at sumusuporta sa pakikibaka ng mga batayang uri.

Ang pamumunong pang-organisasyon, pampulitika at pang-ideolohia ng rebolusyong pambansa-demokratiko ay hawak ng proletaryado. Tinawag itong bagong tipo sapagkat, bagamat ipinagpapatuloy nito ang mga adhikaing antikolonyal at antipyudal ng Rebolusyong 1896, ang pamumuno nito ay wala na sa kamay ng liberal burgesya, at ito'y bahagi na ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo at nasa maagang yugto ng rebolusyong sosyalista sa Pilipinas.

Ang pagsulong ng rebolusyong pambansa-demokratiko sa loob ng mahigit dalawampung taon ay sumasagisag sa kawastuhan nito. Sa panahon ng diktadurang rehimeng US-Marcos, sumulong ang kilusang masa at armadong pakikibaka sa lunsod at nayon ng buong kapuluan sa harap ng mga kampanyang pagkubkob at paglipol, pagbabawal sa mga karapatang sibil, at laganap na kahirapan. Patuloy itong isinusulong sa kasalukuyang paghaharing US-Aquino sapagkat tulad ng nakaraang rehimen, hinahadlangan nito ang pambansa at demokratikong mga kahilingan ng mamamayan, at ibayong sinusupil ang pagkilos sa pamamagitan ng programang lahatang-panig na gera o total war na pakana at ipinatutupad ng imperyalismong US sa mga kolonya at malakolonya nito sa Ikatlong Daigdig.

Ang panitikang pambansa-demokratiko ay bahagi ng pag-unlad na ito, pag-unlad na nakabatay sa pagsisilbi sa interes ng mga rebolusyonaryo at progresibong uri at sektor sa bansa. Kaiba sa namamayaning panitikang kolonyal, pyudal at elitista, na nagpapanatili sa kaayusang panlipunan at kumukontra sa pundamental na pagbabago, isinusulong ng panitikang

pambansa-demokratiko ang mithiin para sa pagbabago ng nakararaming mamamayan, at pinagkakaisa sila para kumilos tungo sa pagkakamit ng kanilang mithiin. Batay sa rebolusyonaryong makauring paninindigan, pangunahing pinagsisilbihan ng panitikang ito ang mga manggagawa at magbubukid, gayundin ang kanilang kaalyado sa hanay ng mga panggitnang pwersa.

Paano nagsisilbi ang panitikang ito?

Una, sa pamamagitan ng Kilusang Propaganda. Sa anumang rebolusyon, bago ito ilunsad at laluna sa panahong ito'y isinasagawa na, kinakailangan ang isang kilusang propagandang magbabando at magpapalaganap sa pinakamalawak na masa ng mga adhikain, paraan, pwersa at programa nito, at makapagmomobilisa sa kanila batay sa mga pangkalahatan at partikular na mga panawagan. Ang bisa ng propaganda ay nakabatay sa napapanahong mga panawagan, kahandaan ng mamamayan sa pagkilos, at pangkalahatang pag-igting ng rebolusyon at reaksyon.

At ikalawa, sa pamamagitan ng Rebolusyong Pangkultura. Samantalang pangunahing nakatuon ang kilusang propaganda sa pagpukaw at pagmomobilisa sa mamamayan batay sa mga panawagang pampulitika, nakatuon naman ang rebolusyong pangkultura sa pagpapalaya sa isip at damdamin sa gapos ng reaksyunaryong kultura at ideolohia at sa gayo'y makakilos tungo sa pagbabago. Binabasag nito ang mga kaisipan at damdaming kolonyal, pyudal at elitista at binubuo ang mga kaisipan at damdaming pambansa, syentipiko at pangmasa. Nagaganap ang rebolusyong pangkultura kasabay ng rebolusyong pampulitika para ihanda ang mamamayang makapamuno sa larangan ng pulitika, ekonomya at kultura.

Sa pamamagitan ng dalawang mahalaga at magkaugnay na mekanismong ito, naisasakatuparan ng panitikang pambansa-demokratiko ang tungkulin nito sa popularisasyon at pagtataas ng pamantayan. Laging magkasama ang dalawang panuntunang ito, bagamat sa lahat ng panahon ay nangunguna ang papel ng popularisasyon, na siyang tumitiyak sa pagkamalapit ng panitikang pambansa-demokratiko sa masang pinagsisilbihan nito.

Ang panitikang pambansa-demokratiko ay bahagi ng bagong panitikang bayan; ang una, sa katunayan, ang nagbibigay ng pangunahing katangian ng huli. Sa pamumuno ng panitikang pambansa-demokratiko, pinauunlad ang tradisyunal na panitikan para maiayon ito sa pangangailangan ng masa, at ang progresibong panitikan ng mga manunulat mula sa

mga panggitnang pwersa. Bahagi rin ng bagong panitikang bayan ang naunang panitikang bayang nalikha mula noong Rebolusyong 1896, at ang rebolusyonaryo at progresibong panitikan mula sa ibang bansa, laluna mula sa mga sosyalistang bansa at mga bansang naglulunsad ng pakikibaka laban sa imperyalismong US, pyudalismo, burukratang kapitalismo, rasismo, atbp.

Kasaysayan ng Pag-unlad

Ang naglatag ng batayan sa pagpapasimula ng panitikang pambansa-demokratiko ay ang panlipunang pagsisiyasat sa lipunan at rebolusyong Pilipino, ang muling pagkakatatag ng Communist Party of the Philippines, at ang pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan noong ikalawang hati ng dekada 60, gayundin ang partikular na pagsusuri sa kalagayan ng sining at panitikan sa lipunang malakolonyal at malapyudal. Nagsimulang lumahok ang mga kabataan at propesyunal na manunulat at kanilang organisasyon sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan para sa pambansang demokrasya sa pamamagitan ng kanilang sulatin, at nakiisa sa batayang masa bilang pagpapatupad ng panuntunang "Mula sa masa, tungo sa masa." Ang pagkilos ng mga manunulat na ito-ay nakapag-ambag sa tagumpay ng kilusang propaganda na rumurok sa Unang Rebolusyonaryong Sigwa noong unang bahagi ng 1970.

Pagkapataw ng batas militar noong Setyembre 21, 1972 at sa buong panahon ng paghahari ng diktadurang US-Marcos, ang panitikang pambansang-demokratiko ay umunlad at lumaganap sa nayon at lunsod sa buong kapuluan. Ang batayan ng pag-unlad na ito ay ang paglaganap at paglakas ng armadong pakikibaka at kilusang masang magbubukid sa kanayunan, at kilusang welga ng manggagawa at hayag na kilusang masa ng iba't ibang sektor sa kalunsuran.

Sa mga larangang gerilya, ginampanan ng mga kadre at Pulang mandirigma ang gawaing pampanitikan bilang instrumento sa pagpapatatag at pagpapalawak ng kanilang hanay, at sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masang magbubukid. Ang panitikan ng mga Pulang mandirigma ang pangunahing daluyan ng mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong sa dahilang ang Bagong Hukbong Bayan ang pangunahing organisasyon ng partido at napapailalim sa pampulitikang pamu-

muno nito. Ang pag-unlad at paglawak ng mga organisasyong magbubukid ay isa pang mahalagang salik sa pagpapaunlad ng panitikang pambansa-demokratiko. Nakabatay sa pangangailangan ng kanilang pakikibaka sa iba't ibang larangan sa kanayunan ang panitikang nilikha mismo ng mga manunulat sa kanilang hanay.

Sa mga lunsod, ang panitikang pambansa-demokratiko ay umunlad sa pamamagitan ng pagsisilbi sa armadong pakikibaka at kilusang masang magbubukid, sa kilusang welga ng manggagawa, at sa kilusan ng mga panggitnang pwersa. Ang pagbwelo ng malawakang hayag na kilusang masa ng iba't ibang sektor ang nagbigay ng kalagayan para sa muling pagsigla ng panitikang pambansa-demokratiko sa lunsod. Naging daluyan ng panitikang ito ang mga aksyong masa, masmidya, at organisasyon at institusyong bayan na nagpapahalaga sa sining at panitikang nagpapasigla sa kilusang masa. Sa mga panahon ding ito lumabas ang mga publikasyong tulad ng *Kamao*, *Ulos*, at mga koleksyon ng mga kwento, tula, likhang biswal at kanta mula sa kanayunan.

Sa kasalukuyang paghahari ng rehimeng US-Aquino, ang panitikang pambansa-demokratiko ay instrumento sa paglalantad sa tunay na katangiang maka-imperyalista at anti-mamamayan ng rehimeng kompradorasendero. Sa kanayunan at kalunsuran, patuloy na umuunlad at lumalaganap ang panitikang ito. Mula o batay sa kanayunan ang mga kwento at tulang lumabas sa *Clearing*, *Kabanbanuagan*, *Bukal ng Tubig at Apoy*, *Sa Tungki ng Ilong ng Kaaway*, at iba pa. Sa kalunsuran, sa harap ng isteryang anti-komunismo at pag-aarmas sa mga vigilante, sumigla ang pagkilos ng mga manunulat, tulad ng pagkakalabas ng mga komiks para sa mga manggagawa *(Breaktime)* at magbubukid *(Gapas Komiks)*, libro o pamplet ng mga tula, kwento at sanaysay tungkol sa mga Pulang mandirigma *(Negros)*, manggagawa't magbubukid *(Kalipunan ng mga Akda ng Anakpawis*, *Butong Binhi)*, mangingisda *(Ang Magandang Babae sa Sta. Elena)*, teyp ng mga bagong kantang pangmasa, atbp.

Sa panahon ding ito nabuo ang mga pambansa at panrehiyong organisasyon para sa rebolusyonaryong sining at panitikan bilang bahagi ng partikular na kilusang masa sa hanay ng mga artista't manunulat at kaalyado nila mula sa mga panggitnang pwersa. May mapagpasyang kahalagahan ang mga organisasyong ito para sa pagpaparami, pagpapalawak at pagpapahusay ng mga rebolusyonaryong manunulat at kanilang likha sa lunsod at nayon.

Mga Salik sa Pag-unlad

Ang sumusunod ang mga salik sa pag-unlad ng panitikang pambansa-demokratiko: (1) ang rebolusyonaryong kilusang masa at armadong pakikibaka, (2) ang mga manunulat, (3) ang pagpapalaganap, (4) ang odyens, (5) ang lenggwahe, (6) ang panunuring pampanitikan, at (7) ang pamumuno.

(1) Ang rebolusyonaryong kilusang masa at armadong pakikibaka. Kung wala ang salik na ito, walang batayan ang pag-unlad ng panitikang pambansa-demokratiko, una, dahil ang istorikong pagkilos na ito ng mamamayan tungo sa mapagpasyang pagbabago ng lipunan ang pangunahing pinagsisilbihan ng panitikang pambansa-demokratiko, at ikalawa, dahil ito ang mayamang bukal ng karanasan, damdamin at kaisipan at hangarin ng nakikibakang mamamayan sa ating panahon. Tungkulin ng manunulat na lagumin ang hiwa-hiwalay, iba-iba at kumplikadong karanasan ng masa sa pakikibaka sa nayon at lunsod sa pamamagitan ng panitikan para makatulong sa pagkatuto sa sarili nilang karanasan.

(2) Ang manunulat. Ang mga manunulat ng panitikang pambansa-demokratiko ay mula sa hanay ng mga organisadong manggagawa't magbubukid, kadre, Pulang mandirigma, at petiburges ng lunsod. Nakatanggap sila ng edukasyong pampulitika, mahigpit na nakaugnay sa masa o kaya'y direktang nakikipag-ugnayan sa kanila sa pana-panahon, patuloy na pinag-aaralan ang kalagayan sa lugar na kinikilusan o gawaing ginagampanan, ang kalagayan ng buong kilusan, at ang kalagayan sa loob at labas ng bansa, at patuloy na hinahasa ang kaalaman sa sining at panitikan.

Batay sa larangang kinikilusan ng manunulat, ang kanyang pagsusulat ay part-time na gawain lamang, ibig sabihin, kung may libreng panahon siya at nangangailangan ng likhang pampanitikan ang isang aksyong masa, pulong-pag-aaral o selebrasyon; o kaya'y buong-panahong gawain, tulad ng mga manunulat na nasa gawaing propaganda, patnugutan ng publikasyong masa, o organisasyon ng mga manunulat. Maaaring ang pagsusulat ay batay sa isang programa ng kolektibo, o kaya'y sariling inisyatiba bilang paraan ng personal na pagpapahayag ng damdamin o paglalagom ng karanasan.

(3) Ang pagpapalaganap. Ang pagpapalaganap ng panitikan sa kanayunan ay pangunahing sa pamamagitan ng pahayagang masa sa rehiyon, komiks, songbuk at teyp, at tanghalan. Ang Bagong Hukbong

Bayan at mga organisasyong masang magbubukid ang mga pwersa sa pagpapalaganap ng mga likha tuwing may okasyon o kahit sa pang-araw-araw na pagkilos at pamumuhay.

Sa lunsod, ang pagpapalaganap ay sa pamamagitan ng mga dyaryo o komiks na pang-manggagawa, tanghalan, libro, pelikula, at publikasyong nililimbag ng mga institusyong bayan, unibersidad, negosyante, at kahit gubyerno.

Naipapalaganap sa kanayunan ang mga likhang mula lunsod, at bisebersa. Pinabibilis ang pagpapalitan sa pamamagitan ng mga pambansang publikasyong bayan, pagsasalin o adaptasyon, at pag-ugnay sa masa ng mga kadre at aktibista.

(4) Odyens. Ang odyens ng panitikang pambansa-demokratiko ay ang masang anakpawis at Pulang mandirigma sa mga larangang gerilya, mga manggagawa sa pabrika at mahirap ng lunsod, mga estudyante't propesyunal, at mga kaalyado mula sa mga panggitnang pwersa. Sa kanayunan, masiglang tinatanggap ng masang anakpawis ang panitikang ito, laluna sa pormang pabigkas, itinatanghal o isinasakomiks, dahil sinasalamin nito ang kanilang kalagayan, at dahil pinupunan nito ang kasalatan sa kanilang edukasyon at buhay-pangkultura.

Isang sukatan sa pagtanggap ng panitikang pambansa-demokratiko ng masang anakpawis ay ang madaling pagkilala nila sa mga tauhan, pangyayari, problema, atbp. na nakalarawan sa panitikan, kahit ang mga ito'y nakabatay sa karanasan ng mga pwersa sa ibang lugar.

Samantala, ang pagpapaunlad ng odyens para sa panitikang pambansa-demokratiko mula sa mga panggitnang pwersa, laluna ang mga intelektwal, ay isang mahalagang gawain sa lunsod, para makamit ang kanilang suporta, una, sa pakikibakang masa, at ikalawa, sa pagpapalaganap at ibayong pagpapahusay ng panitikang ito.

(5) Lenggwahe. Bilang panitikang pangmasa, ang panitikang pambansa-demokratiko ay gumagamit ng lenggwaheng popular sa iba't ibang rehiyon ng bansa. Sapagkat ang rebolusyonaryong manunulat ay direktang nakaugnay sa masang kanyang kinikilusan, natural lamang na ang kanilang lenggwahe ang kanyang gamitin sa pakikipagtalastasan sa kanila sa pamamagitan ng panitikan. Lalong napapalapit sa masa ang obra kung ang mismong porma ng panitikan ay bahagi ng kanilang tradisyunal na kultura. Sa ganito, naiaayon ang pag-unlad ng lenggwahe sa mga rehiyon batay sa mga katangian at pangangailangan ng rebolusyon.

Kasabay ng paggamit ng lenggwahe sa mga rehiyon, pinopopularisa rin ang paggamit ng Pilipino bilang pambansang wika. Ipinalalaganap sa iba't ibang rehiyon ang mga obrang nasusulat sa Pilipino. Ang popular na mga obrang nasusulat sa lokal na lenggwahe ay isinasalin sa Pilipino para mas madaling isalin sa iba namang lokal na lenggwahe. Ang aktibong paggamit ng mga lokal at pambansang lenggwahe, ang hiraman ng mga salita at ekspresyon bilang paraan ng pagpapayaman sa bukabularyo ng mga lenggwahe, at ang sistematisasyon, laluna sa ispeling ng karaniwang terminong ginagamit sa kilusan, ay mga salik sa pagpapaunlad ng mga lenggwahe sa bansa.

Patuloy na ginagamit ang Ingles. Para sa ilang mga manunulat na kadre at Pulang mandirigma, ang Ingles pa rin ang pinakamahusay nilang magagamit sa kanilang pagsusulat, at may mahalagang seksyon pa rin ng mambabasa mula sa mga panggitnang pwersa, bukod pa sa mga mapagkaibigang dayuhan, na naaabot ng panitikang ito. Ang mga likhang kinakailangang maipaabot sa mga mambabasa sa batayang masa ay isinasalin sa Pilipino at lenggwahe sa mga rehiyon.

(6) Panunuring pampanitikan. Ang panunuring pampanitikan ay isang paraan para maiayon ang panitikan sa pangangailangan ng rebolusyon, batay sa kawastuhan ng pampulitikang punto de vistá nito sa nilalaman, at sa kasiningan. Ito ay isinasagawa ng kolektibo o organisasyong kinapapalooban ng manunulat, ng patnugutan ng publikasyong masa, istap sa propaganda at/o organisadong masa. Ginagawa ito bago magsimula sa pagsusulat, sa panahon ng pagsusulat, pagkatapos ng pagsusulat, at/o pagkalimbag o anupamang paraan ng pagpapalaganap.

Ang panunuring pampanitikan ay maaaring magresulta sa pagtanggal ng obra sa sirkulasyon, o kaya'y ng madalas at malawak na paglilimbag o iba't ibang pagsasalin o adaptasyon at kung gayo'y nagkakaroon ng impluwensya sa paglikha ng ibang manunulat.

(7) Pamumuno. Ang pamumuno sa larangan ng panitikan ay nakabatay sa pangkalahatang linyang pampulitika, programa at patakaran ng kilusang pambansa-demokratiko. Ito ay pinapartikularisa sa antas ng sektor, rehiyon at pambansa batay sa kalagayan, pangangailangan, at kakayahan ng kilusan sa pana-panahon. Kabilang sa gawaing pamumuno ang pag-oorganisa sa mga manunulat at pagbibigay ng pag-aaral sa pulitika, organisasyon, ideolohia at sining; pag-iimbistiga sa pag-unlad ng gawain sa iba't ibang antas at lugar ng pagkilos; pagsusuri at pagpapalaganap ng mahuhusay na akda; at paglalagom ng karanasan.

Ang mga Katangian ng Panitikang Pambansa-Demokratiko

Batay sa pampulitikang layunin ng rebolusyong pambansa-demokratiko, papel ng panitikan sa rebolusyon, kalagayang pampulitika, pangkultura, pang-ideolohia at pang-organisasyon ng mga manunulat at odyens, at pangkalahatang kalagayan ng bansa sa panahon ng rebolusyon at reaksyon, tumatampok ang ilang katangian ng bagong panitikan, tulad ng sumusunod:

(1) Ang pagka-kagyat. Ang katangiang ito ay karaniwan sa mga obrang nililikha para sa partikular na aksyong masa bilang bahagi sa pagpukaw at pagmomobilisa sa mamamayan para sa napapanahong usaping lokal o pambansa. Nilalaman ng ganitong mga obra ang direktang panawagan at matitingkad na karanasan ng masa sa lugar. Ang porma ay maiksi, payak at nakabatay sa mga pormang tradisyunal o popular.

Ang katangiang ito ay bunga ng mabilisang paggawa, kakayahan ng manunulat, at layunin ng obra para sa okasyon.

Ito rin ang katangian ng mga obrang nililikha para sa mga kampanyang masa o militar na tumatagal nang mahaba-habang panahon, halimbawa'y kampanya sa pagtatayo ng kooperatiba, pagpapahusay ng kalusugan, pagbaka sa kamangmangan, o paglulunsad ng opensibang taktikal. O ng mga obrang nililikha para sa pagsasaya (rebolusyonaryong kasalan, aniber-saryo ng mga dakilang araw, pagtatapos ng kumperensya), pagpupugay sa mga martir, at pagbabalita ng pinakahuling pangyayari sa lugar.

Ito ang panitikang paulit-ulit na nililikha, binabago, isinasaisantabi at pinapalitan. Ang kalagayang ito ay indikasyon ng kasiglahan ng kilusang masa sa nayon at lunsod.

(2) Ang katangiang oral o pabigkas. Ang panitikang oral ay bahagi ng tradisyunal na kulturang laganap sa kanayunan. Sa isang banda, sinasagisag ng panitikang oral ang yaman ng kulturang bayan na umunlad at napanatili sa loob ng nakaraang ilang dantaon. Sa kabilang banda, ang pamamayani ng oral na tradisyong ito, na karaniwan sa di mauunlad na bansa sa Ikatlong Daigdig, ay tanda ng pagkaatrasado, kahirapan at kamangmangan sa kanayunan, pagkakahiwalay sa pag-unlad ng lunsod at nayon, ng bago at luma, ng makabago at tradisyunal na manggagawang pangkultura.

Sa panitikang panbansa-demokratiko, ang oral na tradisyong ito ay nagsisilbing bukal ng mga kaisipan, damdamin at porma ng pamamahayag

na binibigyan ng bagong gamit at kahulugan para tumugon sa kasalukuyang pangangailangan ng masa at rebolusyon. Sa ganitong paraan, nagbabagong-buhay ang mga tradisyunal na anyo at nilalaman ng kulturang masa, tulad ng salidum-ay, oggayam, balitaw, komposo, balagtasan, ismayling at leleng, at nagiging bahagi ng rebolusyonaryong kultura.

Iniimpluwensyahan din ng oral na tradisyong ito ang nakasulat na panitikan sa paggamit ng lenggwahe, talinghaga, porma at proseso ng paglalahad. Sa pagsasalubong ng moderno at tradisyunal na panitikan, naiwawaksi ang suhetibismo, sentimentalismo at indibidwalistang pananaw, at tumitingkad ang pagkamakatotohanan, realismo at pangmasang pananaw, sumasabog ang matitigas na distinksyong akademiko tungkol sa mga porma, atbp.

(3) Ang pagiging kongkreto. Ang mayamang karanasan ng masa sa pagrerebolusyon sa loob ng nakaraang mahigit dalawang dekada ang batayan ng pagiging kongkreto ng pinakamahuhusay na obrang pampanitikan ng pambansang demokrasya. Nilulutas nito ang problema ng mga sulating abstrakto, simboliko, karikatura, alegoriko, pangkalahatan at isteryotipiko. Ngayon, hindi kataka-takang ang mga manunulat ay nakapagsusulat ng mga obrang kongkreto, batay sa sarili nilang karanasan sa kilusang masa sa mahaba-habang panahon, o kaya'y sa pagsasagawa ng imbestigasyong panlipunan sa iba't ibang aspeto ng buhay ng nakikibakang masa mula sa iba't ibang larangan ng gawain.

Para sa rebolusyonaryong manunulat, ang pagsasanib ng empirikal na datos at ng pangkalahatang pampulitikang tunguhin ng rebolusyon ang pangunahing katangian ng pagiging kongkreto ng obra, at sa ganitong kalagayan lamang ng obra may kakayanan itong magluwal ng heneralisasyon. Kung wala ang ganitong pagsasanib, ang obra ay nagsisilbing ilustrasyon lamang ng local color o ng kakitiran ng empirisistang pagtingin sa mga bagay-bagay.

(4) Ang pagiging simple. Ang pagiging simple ay walang kinalaman sa kaiksian at mala-balangkas na porma ng sulatin, o sa paggamit ng "simpleng" salita, o sa "kasimplehan" ng paksang tinatalakay. Tinutukoy nito ang malalim na pagkaunawa sa mga tauhan, pangyayari, kalagayan, proseso at problema na nagaganap at umiiral sa buhay ng mamamayan at lipunan. Ang pagbabagong nagaganap sa gitna ng rebolusyonaryong pagbabangon ay isang kumplikadong bagay, at nakadepende sa lalim ng pagkaunawa ng manunulat tungkol sa bagay na ito para makalikha siya

ng obrang simple, "kasing-simple ng katotohanan," ibig sabihin, makatotohanan, madaling maintindihan, at nakakaantig.

Sinasalungat ng panuntunang ito ang paimbabaw na kaalaman, artipisyal na lenggwahe, at pagmamaliit sa karanasan, problema at hinaharap ng masang anakpawis.

(5) Ang panitikang nagtuturo. Ang panitikang pambansa-demokratiko ay instrumento para sa edukasyong pampulitika ng masang anakpawis. Dahil sa "kabigatan" ng mga paksa, halimbawa'y tungkol sa linyang pampulitika, programa, pwersa, pamamaraan at perspektiba ng pambansang demokrasya, kasaysayan ng lipunang Pilipino at rebolusyon, ang pamumuno ng proletaryado, ang sosyalismo, ang estado at rebolusyon, at iba pa, kinakailangang gumamit ng paraan, tulad ng paggamit ng biswal, kanta, iskit, kwento o tula, para patingkarin ang mahahalagang punto at tumimo sa isip, maiwasan ang pagkabagot ng masang anakpawis na ngayon lamang dumaan sa "schooling" at gawing kasiya-siya ang pag-aaral.

(6) Ang panitikang humuhubog ng bagong pagpapahalaga (values). Sa pagdaloy ng rebolusyon, ang pag-iisip at damdamin tungkol sa iba't ibang usapin ay nagbabago, halimbawa'y tungkol sa sistema ng pag-iisip at paggawa, sa disiplina, sa kababaihan, sakripisyo at kamatayan, sa pakikipagrelasyon, atbp. Ang pagtatampok sa mga pagbabagong ito sa panitikang pambansa-demokratiko ay isang mahalagang bagay, dahil sa lalim ng pagkakabaon sa kaisipan ng mamamayan ng mga ideang kolonyal at pyudal, pagkalaganap ng kontra-rebolusyonaryong mga idea, damdamin at hangarin sa propaganda ng mga naghaharing-uri, at sa kahirapan at tindi ng pakikibaka.

Sa rebolusyon, binabago hindi lamang ang materyal na kalagayan ng mamamayan at lipunan kundi pati ang mga pagpapahalagang paurong ng mamamayan. May kinalaman ang pagbabagong ito sa pag-atras, pagkaantala, o pagsulong ng rebolusyon, ng pagiging tunay na bagong tao ng mga rebolusyonaryong mamamayan.

(7) Ang panitikang mapaglimi. Ang panitikang ito ay naglalarawan, nag-aanalisa, naglilimi o naglalagom ng mga karanasan, sitwasyon, problema o pagbabago sa loob ng kilusan na dinanas mismo ng manunulat. Mahalaga ang panitikang ito bilang testimonyo ng personal na pagkabatid, pagbubuo ng bagong pananaw (insight), at pagpuna sa sarili bilang hakbang sa muling-paghuhubog.

Karaniwan, ang mga manunulat ay rebolusyonaryong mula sa intelektwal na petiburges, tulad ng ipinababatid ng paggamit ng malayang talud-turan, masusing pagbubuo ng mga imahen, personal na tinig, lenggwahe at istilo. Gayunman, ang modernong pagsusulat na ito ay nakabatay sa realidad ng rebolusyonaryong pakikibaka at ginagabayan ng kaisipang masa.

(8) Ang panitikang saksi. Ang panitikang saksi, o "testimonial literature," ay isang pagsasalaysay ng isang rebolusyonaryo tungkol sa kanyang mga karanasan sa kilusan sa loob ng mahaba-habang panahon. Direkta ang kanyang kaalaman sa mga tao, organisasyon, pangyayari, lugar, at iba pang bagay na kanyang tinatalakay. Hindi lang siya naglalarawan; ihinahayag din niya ang kanyang mga obserbasyon, reaksyon, palagay at mismong papel niya sa mga pangyayari. Hindi siya ang sentro ng salaysay kundi ang masa at rebolusyon.

Sa ganitong pagsusulat, walang hangad ang manunulat na makinabang, dakilain ang sarili, o palsipikahin ang kasaysayan. Ang batayan ng panitikang saksi ay ang naipong karanasan na mapagpupulutan ng aral, ang pagiging malapit sa masang anakpawis, at ang pagtitiwala sa tagumpay ng rebolusyon, mangailangan man ito ng mahabang panahon. Ang mga batayang ito mismo ang mga katangiang bumubuo sa katauhan ng rebolusyonaryong nagsasalaysay.

Ang Tungkulin/Tunguhin ng Panitikang Pambansa-Demokratiko

Ang tungkulin/tunguhin ng panitikang pambansa-demokratiko ay walang iba kundi ang pagsilbihan ang rebolusyon hanggang sa pananagumpay nito. Para mapaghusay ang pagsisilbing ito, kinakailangang laging pag-aralan ng manunulat ang samu't sari at kumplikadong karanasan ng nakikibakang mamamayan sa lunsod at nayon, paghusayin ang kanyang kaalaman sa sining, at itaas ang antas ng literasi ng anakpawis. Magagawa ito ng manunulat kung mahigpit na nakaugnay sa batayang masa.

Ikalawa, kailangang aktibong gamitin ang panitikang ito para sa pagpapalaganap ng rebolusyong pambansa-demokratiko sa mas malawak na mamamayan at sa gayo'y mahimok silang lumahok o sumuporta sa pakikibaka.

Ikatlo, sa pamamagitan ng mahuhusay na akdang pampanitikan ng pambansang demokrasya, ibayong pagpapalaganap, at kritisismong pampanitikan, kailangang pahinain ang impluwensya ng panitikang kolonyal, pyudal at elitista sa hanay ng masang anakpawis at mga panggitnang pwersa.

At ikapat, at ito'y nakasalalay sa pananagumpay ng rebolusyon, sikaping maging dominanteng pwersa ang panitikang pambansa-demokratiko sa pagbubuo at pagpapaunlad ng pambansang panitikang tunay na nagsasalamin sa pangunguna ng masang anakpawis sa paghubog ng isang lipunang malaya, progresibo at makatarungan.

Lekturang binasa sa UP Creative Writing Center,
14 Nobyembre 1989

PARSYAL NA LISTAHAN NG MGA MATERYAL NA PINAGSANGGUNIAN

Tula

Montana, Jason. *Clearing,* Poems of People's Struggle in Northern Luzon (Artista at Manunulat ng Sambayanan/Christians for National Liberation/National Democratic Front, 1987), p 89+

Sison, Jose Maria, *Prison and Beyond,* Selected Poems 1958-1983 (Free Jose Ma. Sison Committee, 1984), p 132
May paunang salita ang makata at komentaryo nina Daroy, Salanga, Lumbera at San Juan.

Maikling Kwento

Karet, *Mga Butil at Katas* (1985), p 42
Pinotoistensil. Handog kay Edilberto Añonuevo (1953-1981).

Cruz, Levy Balgos de la, *Bukal ng Tubig at Apoy* (Linang/Mainstream, 1989), p 310
May liham mula sa awtor, glosari-tala.

Montañez, Kris, *Kabanbanuagan,* Mga kwento ng sonang gerilya (Artista at Manunulat ng Sambayanan/National Democratic Front, 1987), p 98+

May paunang salita ang awtor, glosari.

Nobela

Posadas, Mano de Verdades, *Hulagpos* (Palimbagang Kubli, 1980), p 268+

(May dalawang nobelang kasalukuyang isineserye sa magkaibang pahayagang masa sa rehiyon.)

Talambuhay

Sa Tungkung Ilong ng Kaaway, talambuhay ni Tatang (Linang, 1988), p 152

Indibidwal na koleksyon ng tula, kwento at sanaysay

Agulto, Tomas F., *Ang Magandang Babae sa Sta. Elena* (Gapas Foundation, Inc., 1989), p 125

Tungkol sa mahirap na mangingisda.

Reyes, Jun Cruz, *Negros* (Kalikasan Press, 1988), p 84

Tungkol sa mga Pulang mandirigma sa Sipalay, Negros Occidental.

Antolohia ng mga tula, kwento, sanaysay, kanta

Butong Binhi, Kalipunan ng mga nagwaging akda, Gantimpalang Ani 1987 (Gapas Foundation Inc., 1989), p 74

Mga tula, kwento, sanaysay at kantang nagwagi ng Gantimpalang Ani noong 1987. May mga pahayag nina Constantino, Jr. at Guillermo.

Kalipunan ng mga Akda ng Anakpawis (Amado V. Hernandez Resource Center, 1987), p 57

Mga kwento, tula at sanaysay na nagwagi ng Gawad Ka Amado noong 1986 at 1987. May mga pahayag nina Jacob, Rillo at Aguilar.

Letters of the Revolution, Vizcaya-Quirino (Biwag Anni Malana Pub. House, 29 Sept. 1988), p 31

Magsasaka: Ang Bayaning di Kilala, ang magsasakang Pilipino sa bagong panitikan at sining sa kanayunan (Linang, 1984), p 169
Mga tula, kwento, kanta at likhang-biswal. May pagbati ni Jose Ma. Sison.

Pintig: sa malamig na bakal (Life pulse in cold steel).
Poems and letters from Philippine prisons (Hong Kong: Resource Center for Philippine Concerns, 1979), p 156

STR, Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas (Linang/Mainstream, 1989), p 230

Mga Tula ng Rebolusyong Pilipino, 1972-1980 (Palimbagang Pulang Tala, 1982), p 202

Magasing Pangkultura

Kamao (1978-1980). Metro Manila.

Sublak. Panay.
Ang unang isyu ay may petsang Nob 1983.

Ulos.
Nagsimulang lumabas noong 1972. Ang pinakahuling isyu ay lumabas noong 1987.

Komiks

Breaktime.
Inililimbag ng Labor Education and Assistance for Development. Para sa mga manggagawa.

Gapas.
Inililimbag ng Gapas Foundation, Inc. Para sa mga magbubukid.

Lipunan at Rebolusyong Pilipino, Isinalarawan. Batay sa *Lipunan at Rebolusyong Pilipino* ni Amado Guerrero. (Palimbagang Sentral, 1981), p 222

Songbuk

Dagiti Rebolusyonaryo a Kansion (Imprenta ti Pagilian, 1980), p. 135

Mga Kanta ng Rebolusyong Pilipino, Unang Koleksyon (Palimbagang Sentral, 1984), p 82
May kasamang dalawang teyp.

Pag-aaral sa Panitikang Masa

Montañez, Kris, *The New Mass Art and Literature,* 1974-1987 (Kalikasan Press, 1988), p 140

Yu, Rose Torres, *Sa Pagsibol ng Talinghagang Anakpawis sa hanay ng Manggagawa* (Amado V. Hernandez Resource Center, 1987), p 26

Publikasyong Pangkultura ng mga Institusyong Bayan

Makiisa. Inilalimbag ng PETA (Philippine Educational Theatre Association).

Mandala. Inilalimbag ng Asia-Pacific Cultural Action Program ng Asian Cultural Forum.

Ubod. Inilalimbag ng ARTIST (Arts Research and Training Institute in Southern Tagalog).

Ang Yugo. Inilalimbag ng KAFI (Kulturang Atin Foundation, Inc.).

ANG SITWASYON SA PANITIKAN PAGKARAAN NG PAG-AALSANG EDSA

ANG PANGYAYARI SA EDSA noong Pebrero 1986 ay isang taktikal na pag-urong ng mga naghaharing-uri para mapigil ang lubusang pagbulusok ng sistemang malakolonyal at malapyudal at patuloy silang makaposisyon, sa pamamagitan ng isang popular na gubyerno, para durugin ang mga pwersa ng rebolusyong pambansa-demokratiko sa buong bansa. Ang pagpapalit ng kapangyarihang pampulitika mula sa deretsahang pasistang paghahari ng rehimeng US-Marcos tungo sa isang rehimeng nagpupusturang liberal ay bahagi, sa katunayan, ng istratehiyang gerang lahatang-panig *(total war strategy)* ng imperyalismong US sa mga malakolonya nito, at nakatuon pangunahin sa pagwasak sa mga pambansang kilusang mapagpalaya at sa gayo'y mapanatili ang paghahari ng monopolyo kapital sa mga lugar na ito.

Ang pag-urong ng mga naghaharing uri ay tumutukoy sa pagpapanumbalik, hangga't makakayanan, ng mga institusyong burges-demokratiko, tulad ng parlamento, kalayaang sibil, atbp. Totoong may panandaliang mga positibong resulta para sa ilang porsyento ng mamamayan ang ganitong mga hakbang; gayunman, ang pagpapanumbalik na ito ay isang pormalidad lamang sa esensya, sapagkat nananatili ang katangiang pasista ng buong istrukturang pang-estado na nagpapanatili sa sistemang malakolonyal at malapyudal sa Pilipinas. Talamak na hinahadlangan ng rehimen

ang pambansa at demokratikong mga kahilingan at adhikain ng mamamayan para sa pagbabagong panlipunan (tunay na reporma sa lupa, pambansang industrialisasyon, pagpapatalsik sa mga baseng militar ng US sa bansa), at kung ikukumpara sa nakaraang rehimen ay higit itong mabalasik sa pagsasagawa ng mga aksyon at programa para supilin ang kilusang masa ng mamamayan, pangunahin sa pamamagitan ng reporrnismo, vigilantismo at militarisasyon.

Tulad ng mga pwersa sa ibang larangan, ang panlabas na pagbabago sa pampulitikang paghahari sa bansa (paghaharing sa katunaya'y batbat ng krisis sa ekonomya, pulitika at kultura, at nasa huling yugto na ng pagbulusok ang buong sistemang kinakatawan nito) ay nakaapekto sa mga manunulat, laluna yaong nasa Metro Manila.

Ang unang naapektuhan ay yaong mga manunulat na nagsilbi bilang propagandista (pino o garapal) o simpatisador ng rehimeng US-Marcos, nagtaguyod ng tinatawag na "cultural renaissance" sa ilalim ng diktadura, at hanggang sa huli'y nagsikap ipanalo si Marcos sa snap presidential election noong 7 Pebrero 1986. Ang pinakakilala sa kanila ay nagpasimula o nagbuo ng ilang teoryang pansining at pampanitikan, tulad ng "unitive aesthetics" (Benesa, 1973), "ethnic and aesthetic liberation" (Bautista., 1981) at "distansiyang pulitikal" (Almario, 1984), mga terminong pangartistiko na may intensyong ikubli ang tunay na katangian ng nakaraang rehimen.

Kung ang pananalo ni Marcos ay nangahulugan sana ng isang "new cultural renaissance," tulad nang isinasaad sa pahayag ng Coalition of Writers and Artists for Freedom and Democracy (*Bulletin Today*, 28 Enero 1986), ang pagkatalo naman ay nangahulugang ang kasalukuyang kinasasadlakan ng mga manunulat ay isang "cultural wasteland" (Editoryal, *Kalatas*, Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas o UMPIL, Hunyo, 1987). Ang makitid na batayan ng kongklusyong ito ay ang tinurang pagbabale-wala sa kagalingan ng mga manunulat. Gayunman, walang tinutukoy na responsable sa kalagayang ito: " . . . the Union does not seek to lay blame on any one or any political administration."

Bilang tagapangulo ng UMPIL, nanawagan si Virgilio Almario, kahit sa mga manunulat na hindi myembro ng kanyang samahan, na magkaisa ang mga manunulat sa isang "krusada" para sa kanilang kagalingan. Anya: "Let no past differences or misunderstanding divide us and work against mutual respect among writers. We should instead think of worthy steps

to move forward, like rational beings and respectable citizens . . . It's high time that writers, of whatever belief or persuasion, worked as one for the common good."

Tungo sa "common good" na ito, naglabas ang UMPIL ng ilang resolusyon sa isang pambansang kumbensyon noong 10-11 Enero 1987 na humihiling sa bagong gubyerno na muling buhayin ang Republic Heritage Awards at National Artist Awards, itayo ang isang ministri sa kultura, pababain ang buwis sa mga libro, papel at materyal sa pag-iimprenta, atbp.

Matatandaang sa "An Agenda for Culture" na ginamit ng Coalition of Writers and Artists for Freedom and Democracy bilang pangganyak sa mga manunulat at artista para iboto si Marcos, at sinasabing inaprubahan na ni Marcos, kabilang ang mga puntong ito bukod pa sa pagtatayo ng isang Philippine Academy of Arts and Letters, Writers-Artists Village sa Metro Manila, Art Bank para sa pagbili ng mga likhang-sining, atbp.

Di tulad ng ilang kilalang artistang patuloy na nagpapahayag ng kanilang pagsuporta kay Marcos, o kaya'y nanahimik na lang, ang UMPIL ay nagpahayag na hindi ito "partisan" (tulad din naman ng kanilang sinasabi sa panahon ng diktadura, bagamat pinabubulaanan ito ng kanilang ikinilos, lalung noong snap presidential election), at nakikiisa sa pagtataguyod ng mga kahilingang tinatayang makabubuti para sa mga manunulat bilang isang sektor sa ilalim ng bagong rehimen.

Ang ikalawang grupo ng mga manunulat na naapektuhan sa pagbabago ng rehimen ay yaong nagpursiging makibaka laban sa rehimeng US-Marcos sa mahabang panahon ng paghahari nito. Tulad ng ilang personaheng nasa unang grupo, ang ilang personahe sa ikalawang grupo ay may reputasyong pampubliko bilang mga progresibong manunulat, kundiman mga manunulat na nagtataguyod sa kilusang pambansa-demokratiko sa kabuuan nito o sa partikular na larangan ng sining at panitikan. Karamihan sa ikalawang grupong ito ay mga propesyunal na manunulat na anti-Marcos, kundiman anti-pasista, na masiglang nagsikilos mula noong 1983, nang paslangin si Benigno Aquino. Sa pamamagitan ng Concerned Artists of the Philippines (CAP), kaagad nilang ipinahayag, sa mensaheng may petsang 25 Pebrero 1986, ang kanilang pagsuporta sa bagong rehimen: "We pledge our support for and solidarity with all initiatives of the government that will lead to full freedom of expression, return of civil liberties and respect for human rights."

Kaalinsabay, tulad ng unang grupo ng mga manunulat, kanilang hiniling at ipinakipaglaban ang pagtatatag ng isang ministri sa kultura: "As artists and cultural workers, we urge the new government, as soon as it has consolidated power, to facilitate the creation of a separate Ministry of Culture which shall be mandated to ensure freedom of expression and at the same time promote Philippine art and culture committed to truth, justice, freedom, democracy and the interests of the Filipino people." O kaya, sa ibang pormulasyon kinalaunan: " . . . to develop a true Filipino culture which shall be non-partisan, multicultural, pluralistic, liberative and democratic."

Bagamat sa simula'y nagpahayag ang gubyerno na wala sa prioridad nito ang kultura, inaprubahan nito ang pagtatayo ng isang Presidential Commission on Culture and Arts (PCCA) na binubuo ng mga kinatawan ng Department of Education, Sports and Culture, Department of Tourism, Cultural Center of the Philippines at iba pang institusyong pangkultura ng gubyerno.

Sa tinatawag na "Makiling 1 Paper" (tungkol dito at ilang kasunod na datos, tingnan ang pamplet na *The Paths of Policy: Art and Culture in the Aquino Government* ni Doreen Fernandez, 6 Marso 1988), inilahad ng PCCA ang pananaw nito hinggil sa kultura:

"1. Independent, in the sense that it shall be free of those political and economic structures which inhibit cultural sovereignty and shall assert a national identity which draws from our strengths as a people;

"2. Equitable, in the sense that it shall effectively distribute cultural opportunities, correcting the imbalance that has long prejudiced the poor who have the least opportunities for cultural development and educational growth;

"3. Dynamic, in the sense that its continuing development is consistent or at pace with scientific, technological, social, economic and political changes in both national and international levels;

"4. Progressive, in the sense that it shall develop the vast potential of every Filipino as a responsible change-agent of his society who, in unity with other citizens, can achieve goals hitherto deemed impossible;

"5. Humanistic, in the sense that it shall ensure the freedom and creativity of the human spirit in a world increasingly dominated by machines."

Sa ganitong mga pormulasyon, makikitang ihinihiwalay ang kultura sa mga istrukturang pampulitika at pang-ekonomya at inilalagay ito sa pusisyon ng pagsasariling lumalagpas sa katangiang relatibong awtonomya ng kultura sa loob ng isang relasyong sa bandang huli'y mapagpasya ang ekonomya; mekanikal ang ugnayan at pag-unlad ng mga bagay-bagay sa lipunan; hindi hinaharap ang pagkakahati-hati ng lipunan batay sa uri; at sa isang lipunang hindi pa industrialisado'y inilalako na ang sentimyentong anti-mekanisasyon.

Sa mga prinsipyo at rekomendasyong binuo ng PCCA, na tinukoy ng mga namumuno na maaari na ngang tawaging "Pilosopya sa Kultura," mapapansin sa unang malas ang tila dualismo sa paglikha ng kultura:

"1. Culture by the people. The state believes in the encouragement and promotion of a national culture that is freely evolved by the people themselves by providing an atmosphere or climate of freedom, protection and responsibility. Towards this end, the State shall . . . formulate a national cultural policy and evolve cultural programs that shall be . . . Pluralistic . . . Democratic . . . Non-Partisan . . . Liberative.

"2. Culture for the people. The state assumes as a primary responsibility the preservation and creation of artistic and cultural products for the people, and the promotion and dissemination of the same to the greatest number of people throughout the country."

Sa katunayan, sabihin mang "culture from below" o "culture from above," iisa lamang ang kulturang ito, ang kultura ng naghaharing-uri, sapagkat ang nagdidikta sa pamamaraan ng pagsasakatuparan, katangian at limitasyon nito ay nagmumula sa isang poder, ang naghaharing rehimeng komprador-asendero.

Ang CCP, na ngayo'y inaasahang maging "genuine people's cultural center" ng mga pinuno nito, ang punong-abala sa pagsusulong ng mga palisiya at programa sa paglikha at pagpapalaganap ng sining at panitikan batay sa limang-puntong oryentasyon: Filipinization, Democratization, Decentralization, Development of Artistic Excellence, at Promotion of International Relations.

Tulad ng naunang mga pormulasyon, ang mga terminong ito ay hinubaran ng mga panipulitikang pagpapahalaga, ngunit sa katunaya'y nagsisilbing malalaking salita para sa pagpapanatili ng ilusyong pulitikal na liberal-demokratiko ang rehimeng Aquino.

Bagamat may mga bagong salita, kakatwang marinig ang mga salita ng nakaraang rehimen mula sa kasalukuyang mga pinuno o empleado ng CCP. Halimbawa, ang sinabi ni Dr. Nicanor Tiongson, Artistic Director, noong Pebrero 1987 ("the artist, being an artist, is committed to the truth – thus not bound by any ideology") ay sinabi rin, sa ibang paraan, ni Ministro Armando Manalo ng Department of Foreign Affairs noong Hulyo 197X ("art is beyond ideology"). Ang salitang "non-partisan" ay regular na bahagi ng bokabularyo ng mga pinunong pangkultura ngayon, tulad din noong panahon ng diktadura.

Sa kasalukuyan, ang ikalawang grupong ito ang pangunahing abala sa pagsuporta sa Shahani bill sa senado, na ang pinagbatayan ay ang mga palisiya at rekomendasyon ng PCCA. Salungat sila sa isa pang bill sa kultura, ang Alvarez bill, na sang-ayon sa kanila'y magpapabalik sa dating elitistang pamamalakad sa upisyal na kultura ng rehimen.

Ang ikatlong grupo ng mga manunulat ay yaong nagpapahayag ng linyang pambansa-demokratiko sa kanilang mga likha at kilos. Mula pa noong dekada 60, ibinandila na ng grupong ito, sa pamamagitan ng kanilang sining at panitikan, ang pakikibaka laban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo, ang pagsuporta sa rebolusyonaryong kilusang masa, at ang pagtataguyod ng isang kulturang pambansa, syentipiko at pangmasa at paggupo sa naghaharing kulturang kolonyal, pyudal at elitista. Sa buong panahon ng paghaharing diktadura ng rehimeng US-Marcos, sa pinakamahirap na pagpapasimula at pagpapaunlad ng kilusang masa sa gitna ng mga kampanyang militar at pasistang panggigipit, isinulong ng mga manunulat ng pambansang demokrasya ang panitikang nagsisilbi sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan sa paraang ligal at iligal, sa lunsod at nayon ng buong bansa, at ipinalaganap sa rebolusyonaryo at progresibong uri at sektor ng lipunan, laluna ng anakpawis.

Sa snap presidential election, nanindigan ang mga manunulat sa grupong ito, sa partikular yaong nakabase sa Metro Manila, para sa boykot. Sa manipestong may petsang 1 Pebrero 1986, inihayag ng Sangguniang Tagapag-ugnay sa Sining (SINING) ang pusisyon ng mga indibidwal na artista't manunulat at 50 myembrong organisasyon: "We, as people's artists and writers, view the snap election as one more vicious move of the US-Marcos regime to keep itself in power. Neither Marcos nor the legal opposition candidates, who likewise come from the ranks of the ruling classes in

Philippine society, carry the national and democratic demands of the Filipino people. Under the present dispensation, no election can be free or democratic; neither can it save the people from their sufferings or the economy from its worsening crisis. In this light, we, as people's artists and writers, as well as teachers, critics and enthusiasts of art and literature which serve the people in their struggle for national freedom, democracy and true progress, join hands with the broad Filipino masses in boycotting this farcical and fraudulent snap election."

Natalo ang kampanyang boykot, iprinoklamang presidente si Corazon Aquino sa bisa ng people/people's power, at dahil sa kanyang popularidad bilang byuda ng isang martir ng pasismo, at panimulang positibong mga hakbang bilang bahagi ng demokratikong pagluluwag, ay nagkaroon ng pagtatalo sa loob at labas ng kilusang pambansa-demokratiko kung ang gubyernong Aquino ay isang progresibong rehimeng liberal-demokratiko o kaya'y isang rehimeng komprador-asendero. Sa sumunod na mga buwan, naging maliwanag na sa kabila ng liberal na anyo, ito pa rin ang dating rehimeng kontrolado ng imperyalismong US at lokal na galamay nitong mga komprador at asendero, at sa katunaya'y higit na mas matindi ang mga palisiya at programa nitong maka-imperyalista at kontra-mamamayan, tulad nang ipinakikita ng mga patakarang import liberalization, debt-to-equity swap, mas mataas na renta ng mga baseng militar ng US (hindi pagpapatalsik), ng mga pangyayaring tulad ng masaker (kahit sa mismong Mendiola), salvaging, at marami pang iba.

Noong 1 Disyembre 1986, nagbuo ang mga progresibong manunulat ng isang bagong organisasyon, ang Pambansang Unyon ng mga Manunulat (PANULAT). Sa talumpati ng tagapangulong Elmer Ordoñez, kanyang idiniin ang pagmamantine ng independensya ng manunulat sa estado. Anya:

"The lessons of the past should be clear.

"Never again should writers allow themselves to be used by the state – whether it is dictatorial or appears to be liberal or benevolent.

"Writers have a duty to keep their distance from the state even as the state takes seriously its role of patron of the arts and letters.

"A writers' union that seeks to serve the interests of its members coming from all over the country must maintain its independence while it enjoys state patronage. There should be no quid pro quo for that kind of support.

"We are here to form a union that is not a cultural arm of the state, that is credible to its members and to the public."

Mahalaga ang puntong inihapag ng tagapangulo hinggil sa paggamit ng dalawahang taktika – ang pagpapanatili sa independensyang pulitikal ng manunulat sa estadong nagpapairal ng sistemang malakolonyal at malapyudal (ipag-iba ito sa "distansyang pulitikal" ni Almario, isang teoryang abstrakto, mapagkunwari at batbat ng oportunistang pag-uurong-sulong), kasabay nang paghaharap sa estado ng mga kahilingan para sa kagalingan ng sektor, hindi bilang pribilihiyadong sektor kundi bilang bahagi ng mamamayan, hindi nagpapatali sa anumang kundisyon ng estado o nagbibigay-hadlang sa paglilingkod sa mamamayan.

Noong 8-11 Enero 1987, sa panahon ng "peace talk" sa pagitan ng National Democratic Front at gubyernong Aquino, idinaos ang kongreso sa pagtatatag ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS), ang lihim na pambansang rebolusyonaryong samahan ng mga artista't manunulat sa Pilipinas. Sa isang artikulo (*Ang Bayan*, Marso 1987), isinasaad ang sirkunstansya ng pagkakatatag nito: "Naitatag ito sa panahon ngayong ginagamit ng mga naghaharing uri ang kultura bilang bahagi ng istratehiyang low-intensity conflict (LIC) o lahatang-panig na gera . . . Ang LIC ay binuo ng imperyalismong US para gawing epektibo ang programang kontrainsureksyon sa kanyang mga malakolonya sa Ikatlong-Daigdig. Kasabay ng kontra-rebolusyonaryong mga hakbang sa pulitika, ekonomya, lipunan, sikolohiya at militar, ang kultura bilang sandatang pang-ideolohia ay ginagamit para paunlarin at patatagin pa ang pinakaatrasadong mga idea at paniniwalang kolonyal, pyudal at elitista sa hanay ng masa sa pagsisikap na makabig ang kanilang "puso't isip" laban sa kanilang sariling pambansa't demokratikong mga adhikain."

Sa magasing *Ulos* (1, 1987), nanawagan sa mga artista't manunulat: "Kailangang ilantad at salungatin ng mga rebolusyonaryong artista't manunulat ang maka-imperyalista't kontra-mamamayang mga programa ng rehimeng US-Aquino at itanghal, sa pinakamayamang paraan ng sining at panitikan, ang mga pakikibaka ng mamamayan para sa pambansang demokrasya, samantalang ipinaglalaban ng mga artista't manunulat ang sarili nilang kagalingang panlipunan. Bilang mga malikhaing propagandista, kailangang palaganapin nila sa sambayanan ang mga simulain ng pambansang demokrasya, mahigpit na alamin ang buhay at pakikibaka ng mamamayan at tunay na makiisa at magsilbi sa mga anakpawis, ang mga

manggagawa't magsasaka, silang nasa unahan ng rebolusyonaryong pakikibaka. Mula sa kanila, at para sa kanila, ang mga dakilang likhang pansining at pampanitikan ng mga rebolusyonaryong artista't manunulat ng Pilipinas."

Noon namang 18-20 Marso 1988, itinatag ang Coordinating Center for People's Culture (BUGKOS), isang pambansang organisasyon ng mga makabayang samahan ng mga artista't manunulat. Ang pundasyon ng BUGKOS ay nailatag sa Makiisa Festival 1 at 2 na idinaos noong panahon ng paghaharing US-Marcos. Ipinahayag ng BUGKOS: "Binubuo natin ang Bugkos makalipas ang dalawang taong pagkaluklok sa kapangyarihan ng pamahalaang Aquino . . . Binubuo natin ang Bugkos sa yugto ng matinding krisis sa ekonomya't pulitika, krisis na pinalulubha ng umiigting na panunupil sa mga laya't karapatan ng bayan. Binubuo natin ang Bugkos sa panahon ng higit na pangungubkob ng mga galamay ng paghahari ng Estados Unidos sa lahat ng larangan ng pamumuhay ng ating bansa . . . . Binubuo natin ang Bugkos sa yugtong di na matatawaran ang lakas, lawak at sigla ng kilusang mapagpalaya . . . . Ang Bugkos ang magbibigkis ng mga samahan, magpapanday ng mga likha at tataliba laban sa kulturang ngayo'y pinamamayani ng rehimeng US-Aquino para ganap na makamit ng sambayanan ang isang kulturang pambansa, syentipiko at makamasa."

SA MGA MANUNULAT NA ITO, ang mga manunulat na pambansa-demokratiko ay kabilang sa isang pambansang kilusan sa paglikha, pagpapalaganap at ibayong pagpapahusay ng sining at panitikang nagsisilbi sa pampulitikang pakikibaka ng mamamayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Nagsimula ang kilusang ito sa rebolusyonaryong sining at panitikan noong dekada '60 sa Metro Manila at mga sentrong lunsod; sa panahon ng diktadurang US-Marcos, nag-ibayo ang pag-unlad nito sa kanayunan at kalunsuran kasabay ng pag-unlad ng rebolusyonaryong kilusang masa at armadong pakikibaka; at patuloy itong isinusulong sa panahon ng paghaharing Aquino, batay sa obhetibong kalagayang patuloy na nananatili ang lumang sistemang malakolonyal at malapyudal at sinasagka ng mga naghaharing-uri ang mga pambansa at demokratikong adhikain ng mamamayan. Ang inaasam-asam na pagbabago pagkatapos ng pag-aalsang EDSA, tulad ng pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa, pambansang industrialisasyon, pagpapatalsik sa mga baseng militar ng US, pagwasak sa mga istruktura ng pasismo, at iba pa ay patuloy na binibigo ng mga pali-

siya at programa na pumapabor sa mga interes ng imperyalismong US at mga lokal na komprador at asendero. Mismong ang pagtatatag ng gubyernong Aquino ay nakabatay sa programa sa pagtatayo, pagkatapos ng paghaharing US-Marcos, ng isang gubyernong binubuo ng tinatawag na Third Force – nakabase sa panggitnang uri, repormista, sentrista, anti-komunista – na tinataya ng mga naghaharing uri na magkakamit ng popular na suporta sa pagsugpo nito sa rebolusyonaryong kilusan.

Mga pundamental na pagbabagong panlipunan ang adhikain ng sambayanan; ito rin ang adhikain ng mga manunulat na pambansa-demokratiko. Kasabay nito at para makapaglingkod dito, hinaharap nila ang mga pundamental na pagbabago sa sining at panitikan ng masa para umayon at magsilbi ito sa pangangailangan ng nakikibakang sambayanan.

Para sa makabayang manunulat sa Pilipinas, ito ay hindi bagong misyon. Ang pagsusulat para sa pambansa at demokratikong pagbabago sa lipunan ay nagsimula noong huling bahagi ng siglo 19, sa panahon ng pag-aalsa laban sa kolonyalismong Espanyol; nagpatuloy ito sa panahon ng pakikibaka laban sa kolonyalismong US, sa panahon ng Commonwealth at sa sumunod na pakikibaka laban sa pasismong Hapones, at kahit noong ikalawang hati ng dekada 50 na walang kilusang masa at armadong pakikibaka at maigting ang isteryang anti-Komunista. Ang kaibhan ng kasalukuyang mga makabayang manunulat sa mga nauna, kaibhang nagsimula noong 1930 sa pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas, ay ang pagiging bahagi nila sa isang pangkalahatang kilusang ginagabayan ng pinakasulong na ideolohiang proletaryo.

Samantala, maluwag na masasabing karamihan sa mga manunulat na nakibaka laban sa paghaharing US-Marcos at ngayo'y sumusuporta kay Aquino batay sa mahihinang suhetibong dahilan, ay maituturing na liberal demokratiko. Maaasahan sila sa pagtatanggol para sa kalayaang sibil at para sa kagalingang pang-ekonomiko ng sektor, gayundin sa pakikibaka para sa partikular na mga usaping anti-imperyalista at anti-pyudal. Nangunguna o sumasama sila sa mga pakikibakang masa batay sa ganitong mga isyu, at ihinahayag nila ang mga progresibong idea sa kanilang mga likha. Kung sa kasalukuya'y may optimismo pa sila sa gubyernong Aquino, ang kanila mismong pakikibaka ang magtuturo sa kanila ng kawalang-kahihinatnan nito.

May dalawang panig ang mga pwersang liberal demokratiko, batay sa katangian ng kanilang burges-liberal na ideolohia. Tinukoy ito ni Jose

Ma. Sison sa kanyang mensahe sa mga manunulat na myembro ng U.P. Writers Club noong 1982. (Ang buong teksto ay nasa *Prison and Beyond: Selected Poems* ni Jose Ma. Sison.) Progresibo ang isang panig nito, at maaaring makipag-alyansa sa kanila, kundiman makabig sa panig ng pambansang demokrasya. Ang isa namang panig ay yaong nagsisilbi sa interes ng imperyalismong US at mga lokal na ahente nitong komprador at asendero na nasa gubyerno at negosyo. Sa ikalawang panig na ito maihahanay ang ilang manunulat na nagsilbi/nagsisilbi bilang mga pinunong pangkultura ng gubyerno noon at ngayon. Sa panahon ni Marcos, sinikap nilang ikubli ang katangiang maka-imperyalista at anti-mamamayan ng gubyerno sa pamamagitan ng paggamit ng pambansa-demokratikong mga pananalita, tinakot ang mga manunulat sa pakikisangkot sa pakikibakang masa sa pamamagitan ng tinaguriang "partidismo" sa panitikan, tinangkang suhulan ang mga manunulat sa pamamagitan ng isang "Agenda for Culture", at ngayong wala sa poder ay nililimita ang mga manunulat na nasa kanilang pamumuno sa mga isyung pang-ekonomiko ng sektor at mga isyung teknikal sa pagsusulat. Sa panahon ng kanilang panunungkulan, direkta nilang binabanatan ang rebolusyonaryong kilusan. Samantala, ang mga pinunong pangkultura na nasa gubyernong Aquino ay nagsisikap na mapanatili ang pusturang liberal ng rehimen bagamat halos nawala na ito at malinaw na ang katangiang maka-imperyalista at kontra-mamamayan nito.

Partikular sa Cultural Center of the Philippines: totoong sa kasalukuya'y mas maraming artista't manunulat at kanilang organisasyon ang nakikinabang, kahit katiting, sa mga programa nito, at may nagsasabi na ngang sa ilalim ng kasalukuyang rehimen, at sa pamamagitan nito at CCP, ay nakamit na ang pinakamataas na yugto sa pag-unlad ng makabayang kultura: "Here is the peaking of a period of convulsive transition from neocolonial mystification to nationalist awakening in culture . . . " (Bienvenido Lumbera, *Kultura*, 1988). Maaaring panatilihin ng mga naghaharing uri ang ganitong pustura ng CCP sapagkat kung ikukumpara sa ibang ahensyang pang-edukasyon at pampropaganda ng gubyerno (halimbawa'y ang DECS, Instructional Materials Corporation, National Reconciliation and Development Council, Philippine Information Agency, Channel 4), mas mahina ang dating o epekto ng mga programa nito (isang dahilan, pero hindi prinsipal, ay ang kaliitan ng badyet) sa mas malawak na mamamayan. Kung maghihigpit naman, mas titingkad ang papel ng CCP bilang patron ng lahat ng atrasadong kolonyal at pyudal na idea sa kultura,

tulad ng ibinabadya ng isang palasukong palabas, ang *Maniago* ni Paul Dumol, isang myembro ng Opus Dei.

Sa bahaging ito, mainam gunitain ang sinabi ng dakilang manunulat na Tsino, si Lu Hsun, sa isang artikulong sinalin at nilimbag sa manwal para sa konggreso ng pagtatatag ng Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA) noong 18-19 Disyembre 1971. Anya: "Ang lumang lipunan ay nagpapahintulot ng pagsusulat para sa uring manggagawa dahil hindi naman ito mapanganib – sa katunayan, sinubok na ito ng mismong mga panatiko at ginamit nila ito bilang palamuti, sapagkat tila namumukod-tangi ang pagtatabi sa sala ng isang magaspang na mangkok ng manggagawa at mga lumang porselana at antigo. At kapag ang mga manunulat ng uring manggagawa ay nagkaroon na ng isang maliit na sulok sa daigdig ng panitikan at nakapagbili na ng kanilang mga manuskrito, titigil na sila ng pakikibaka at ang mga kritiko ay magsisikanta na ng mga awit ng tagumpay: 'Nagtagumpay na ang panitikang proletaryo!' Ngunit bukod sa tagumpay ng iilang indibidwal, ano na ang nagawa ng panitikang proletaryo mismo? Dapat itong maging likas na bahagi ng pakikibakang proletaryo para sa pagpapalaya at kasabay na yumabong ng pwersang panlipunan ng uring manggagawa. Ang katunayang may mataas na kalagayan sa daigdig ng panulat ang panitikang proletaryo samantalang napakababa ang kalagayang panlipunan ng proletaryo ay nagpapakita lamang na ang mga manunulat ay naging tiwalag sa proletaryado at pumanig sa lumang lipunan."

ANG MASIGLANG PAG-UNLAD ng makabayang panitikan mula noong dekada '60 hanggang sa kasalukuyan ay bunga ng pagsisikap ng mga manunulat na pambansa-demokratiko at progresibong liberal demokratiko. Nagkakaisa sila sa maraming usaping pampulitika at pangkultura, at nagkakasama sa mga organisasyon at alyansa. Sa kanilang sariling hanay o sa pagitan ng dalawang pwersang ito, seryoso nilang tinatalakay ang praktikal na mga problema na iniluwal ng bagong panitikan at sining sa panahon ng rebolusyon at reaksyon. Halimbawa ng mga problemang ito: Ano ang relasyon ng manunulat sa estadong malakolonyal at malapyudal? Ano ang pambansang panitikan, ano ang panitikang bayan? Ang panitikan at sining ba ay hindi sakop ng ideolohia? Ano ang istatus ng realismo, laos na ba ito't kailangang gumamit na ng ibang paraan sa pagsusulat? Ano ang implikasyon sa sektor ng paglabas ng mga bagong manunulat mula sa hanay ng mga manggagawa, magbubukid, kadre at Pulang mandi-

rigma? Ano ang katangian at tungkulin ng kritisismong pangmasa? Paano pinagsisilbi para sa pag-unlad ng sariling panitikan ang mga teoryang banyaga? Ano ang popularisasyon at pagtataas ng pamantayan? Ano ang ugnayan ng lunsod at nayon sa pag-unlad ng bagong panitikan? Ano ang implikasyon sa pagsusulat ng kalagayang mababa ang antas ng literasi ng masang anakpawis? Reduksyonista, pragmatista ba ang mga manunulat na pambansa-demokratiko?

Ang mga usaping ito ay nangangailangan ng hiwalay na pagtalakay; sapat nang ipahiwatig na importante ang mga usaping ito sa pagsusulong ng bagong panitikan.

Bagamat may mga pagkakaiba ang mga manunulat na pambansa-demokratiko at liberal-demokratiko, halimbawa'y sa pamamaraan ng pagbabago ng lipunan, estilo ng pag-iisip, pag-aaral at paggawa, relasyon ng manunulat at masa, atbp., nagkakaisa sila sa maraming mahahalagang bagay. Sa partikular na larangang kanilang kinikilusan at pinagpapakadalubhasaan, nagkakaisa sila sa pagbaka sa patuloy na pagdodomina ng kolonyal, pyudal, at elitistang panitikan, at sa pagsisikap na lumikha ng isang tunay na bagong panitikang sumasagisag sa pinakaabanteng adhikain ng sambayanang Pilipino sa kasalukuyang panahon.

Ngayo'y papaigting ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mamamayan at mga naghaharing-uri na kinakatawan ng rehimeng komprador-asendero. Higit kailanman, mas mabalasik ang pagkilos ng mga naghaharing-uri laban sa mamamayang nagtataguyod ng pambansa't demokratikong mga kahilingan. Sa partikular na larangan ng kultura, nag-iibayo ang pagtindi sa pagpapalaganap ng anti-mamamayang mga idea sa ngalan ng kontra-insureksyon at anti-komunismo. Sa kanayunan, ipinamumudmod ang mga komiks na inililimbag ng National Reconciliation and Devleopment Council para pasukuin ang mga mandirigmang bayan at organisadong magbubukid sa pamamagitan ng pangakong reporma. Ang mga establisimyentong militar ay nagtatanghal ng mga palabas na nilalahukan ng kilalang mga artista sa pelikula at telebisyon para sa ganito ring layunin. Ang mga programa sa radyo ("Shimatar," "Diego Bandido," na pinopondohan ng Ford Foundation) at telebisyon ("K, an Alien Rule," "Banyuhay") at pelikula ("Victor Corpus," "Balweg," "Alsa Masa," "Sparrow," "Kumander Dante") ay nagkakalat ng pinalsipikadong kasaysayan at pangyayari, isteryang anti-komunista, at mga ideang superman, palasuko, at mapamahiin. (Abangan ang pelikula tungkol sa pag-aalsang EDSA, na binabalak

ilarawan ng prodyuser na si Al Guinto bilang isang mirakulong maihahanay sa kagila-gilalas na mga pangyayari sa Biblia). Sa kanta, pinalalaganap ang mga ideang rekonsilyasyon ng mga uri at "mapayapang" pagbabago. Sa edukasyon, inilalarawang kapaki-pakinabang para sa mga Pilipino ang mga programa ng imperyalismong US sa mga teksbuk sa elementari at hayskul na inililimbag ng Instructional Materials Corporation mula sa pondo ng World Bank. Sa mga unibersidad, may mga propesor na nagsisilbing instrumento sa pagsisistematisa at pagpapalaganap ng tinatawag na pagpapahalagang Pilipino (Filipino values) na tinanggalan ng anumang istorikal at makauring konteksto; ng mga populistang idea mula sa mga teksto at ritwal ng mga relihiyosong milinarya; ng mga kaisipang pampanitikan na itinatanghal ang "purong salita" na hindi nababahiran ng pulitika, kasaysayan o ideolohiya. Ang mga institusyong pangkultura ng imperyalismong US, kabilang ang industriang pang-anunsyo nito, ay patuloy na nagkakalat ng mga kaisipan at pagpapahalagang kolonyal, gayundin naman sa pagpapaunlad ng mga intelektwal na "non-" o "anti-Communist Left."

Habang tinutuligsa ng mga makabayang manunulat ang ganitong mga manipestasyon ng reaksyunaryong kultura, kanila ring isinusulong ang ibayong pagpapaunlad ng makabuluhang panitikan sa nayon at lunsod, sa ligal at iligal na paraan, at ipinalalaganap sa hanay ng lahat ng rebolusyonaryo't progresibong uri at sektor – manggagawa, magbubukid, petiburges ng lunsod at pambansang burges. Sa kanayunan, patuloy ang paggamit at pagpapalaganap ng bagong panitikan sa nakalimbag, oral o isinalarawang mga anyo ng tula, dagli, kanta, iskit, komiks. Inililimbag ang mahuhusay na akda sa mga panrehiyong pahayagang masa; halimbawa, sa *Baringkuas* ng Cagayan, isineserye ang isang mahabang nobelang sinulat ng isang beteranong Pulang mandirigma, samantalang sa Panay, sinimulang ilimbag ang magasing pangkultura sa rehiyon, ang *Sublak,* na naglalaman ng mga kwento, kanta, tula at sanaysay ng mga aktibistang masa, kadre at Pulang mandirigma.

Sa pambansang sakop, inililimbag sa *Ulos* at *Liberation* ang pinakamahusay na mga likha ng mga rebolusyonaryong manunulat sa nayon at lunsod. Bukod sa *Ulos,* inilimbag noong 1987 ng ARMAS ang *Clearing,* koleksyon ng tula sa Ingles ni Jason Montana, dating Pulang mandirigma at mula sa sektor ng relihioso, at ang *Kabanbanuagan* (Kabataan) ni Kris Montañez batay sa mga karanasan ng masang anakpawis sa mga sonang gerilya. Ngayong taong ito, inilimbag ng Kilusan sa Paglilinang ng Rebolus-

yonaryong Sining at Panitikan sa Kanayunan (LINANG) ang *Sa Tungki ng Ilong ng Kaaway*, talambuhay ng isang beterano ng rebolusyong Pilipino mula 1920 hanggang sa kasalukuyan. Ang LINANG ang pabliser ng *Magsasaka: Ang Bayaning di Kilala* (1984), antolohia ng tula, kwento, biswal at kanta tungkol sa makabayang magbubukid.

Ang pagsusulat para sa masa at ang pagpapaunlad ng mga bagong manunulat mula sa hanay ng mga manggagawa't magbubukid at kanilang *advocate* mula sa mga panggitnang pwersa ay isinusulong ng mga makabayang institusyon, tulad ng Amado Hernandez Resource Center (na nag-iisponsor ng kontes at workshop, at nitong nakaraang taon, 1987, ay naglabas ng *Kalipunan ng mga Akda ng Anakpawis* at isang monograp, "Sa Pagsibol ng Talinghagang Anakpawis sa hanay ng Manggagawa" ni Rose Torres-Yu) at Gapas Foundation (na nagtataguyod sa paglikha para sa mga magbubukid sa pamamagitan ng Gapas Komiks, Gantimpalang Ani, at workshop). Ang mga publikasyong tulad ng *Pahayag*, *Makiisa* (Philippine Educational Theater Association), *Mandala* (Asia-Pacific Cultural Action Programme ng Asian Cultural Forum on Development). *Ang Yugo* (Kulturang Atin Foundation sa Mindanaw) at iba pa ay naglalaman ng mga likha, pag-aaral, at pananaliksik sa panitikan at sining ng masa. May mga independyenteng pablisher, tulad ng Kalikasan Press, na tumutulong sa pagpapalaganap ng ganitong mga likha, tulad ng *Negros*, koleksyon ng mga tula, sanaysay at kwento ni Jun Cruz Reyes.

Bahagi sa pagpapasigla sa paglikha at pagpapalaganap ng bagong panitikan ang mga publikasyon mula sa mga unibersidad (UP, Ateneo, La Salle), sa masmidya (*Midweek*), sa organisasyon ng mga manunulat (Galian sa Arte at Tula, Panulat, Pluma), sa organisasyon ng ibang sektor, tulad ng kababaihan *(Filipina)*, relihioso *(Kalinangan, We Have not Forgotten)*, mangingisda *(Kilapsaw)*, minorya ("Lubay"), atbp. Maging ang CCP ay nagsimulang maglimbag ng ganitong mga likha *(Kamao, Ani)*, bagamat sa pangkalahatang introduksyon sa *Kamao*, maling nilimita ni Dr. Tiongson ang kahalagahan sa pakikibaka ng lahat ng mga tula, kwento at dula sa tatlong koleksyon sa panahon lamang ng diktadurang US-Marcos.

SA REBOLUSYONARYONG SITWASYONG tulad nang kinalalagyan ngayon ng Pilipinas, ang nakataya ay ang mga pundamental na usapin sa pulitika, ekonomya at kultura. Sabihin pa, ang mga pundamental na pagbabago ay hindi nagaganap sa pagbabago ng rehimeng iniluklok sa poder

ng mga naghaharing uri, kahit may panimulang popular na suporta ito ng mamamayan.

Bahagi ng pundamental na usaping ito ang pagbabago sa panitikan ng bayan. Ang pagbabagong ito ay hindi nagaganap nang hiwalay sa pagbabago sa sistema ng paghaharing pampulitika, pang-ekonomya at pangkultura ng lipunan. Walang rebolusyong pampanitikan na hiwalay sa pundamental na pagbabago ng buong lipunan.

Mapagpasya ang kasalukuyang panahon sa pagbabago ng ating panitikan. Ang pagbabagong ito ay hindi na tulad nang dating usaping pang-akademiko lamang, o kaya'y suhetibistang pangarapin ng ilang manunulat. Ito ay itinatakda mismo ng rebolusyonaryong pagbabangon ng mamamayan laban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo na patuloy na naghahari sa buong lipunan sa pamamagitan ng rehimeng papet. Sa larangan ng panitikan, ang manunulat ay nasa panig ng reaksyon o ng rebolusyonaryong pagbabangon (hindi lang sa sabi-sabi kundi sa mga kongkretong likha at kilos). Ganito karahas na pinasisimple ng rebolusyon ang mga katanungang sa ibang panahon o lugar ay hindi lubos na malutas, di kaya, o ayaw lutasin, ng ilang manunulat. Kaalinsabay, ganito kahirap ang mga bagong tungkuling itinatakda ng rebolusyon para sa tunay na mga manunulat ng bayan.

Ang pagbabangon ng mamamayan ang nagbibigay ng kalagayan at direksyon sa pagbabago at pagpapaunlad ng panitikang Pilipino; hindi lamang kalagayan at direksyon, kundi pati materyal, lenggwahe, paraan, estetika, ideal, paninindigan, atbp. ng panitikang nililikha at nagsisilbi sa interes ng mamamayan, anumang rehimen ang naghahari.

Sa ganitong pagtingin lamang mareresolba ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga manunulat at sa pagitan ng mga manunulat at mamamayan, at lubos na mapaunlad ang isang panitikang tunay na karapat-dapat sa sakripisyo at kabayanihan ng mamamayan.

Inilimbag sa *Diliman Review,*
vol. 36, no. 6, 1988.

UP N ... LIBRARY
FILIPINIANA SECTION

ON REVOLUTIONARY PEASANT LITERATURE

THE PRESENT DEVELOPMENT of revolutionary peasant literature in our country is determined by the following:

1. The peasantry is carrying out agrarian revolution under proletarian leadership;

2. The peasantry serves as the main force in the protracted armed struggle;

3. Revolutionary organs of political power are being established in the advanced areas in the countryside where the peasantry, comprising 70 per cent of the national population, resides; and

4. The peasantry continues to suffer from economic, political and military oppression, and cultural backwardness.

The land question has been the long-standing problem in the country from the Spanish colonial period to the present. The local ruling classes, from the Malolos Congress of the late 19th century down to the present comprador-landlord regime of Aquino, have failed to resolve this essentially petty bourgeois demand for individual land ownership. Today, this question is being resolved in the course of the national democratic revolution, the main content of which is the satisfaction of the peasant demand for land. The failure of the bourgeoisie has provided fertile ground for the resolution of this problem under proletarian leadership. This

development therefore puts the resolution of the land question under new perspectives, that is, from being an instrument for capitalist transformation in the countryside to an instrument for cooperative development within the socialist project.

This agrarian revolution is conducted through the revolutionary peasant mass movement, open or underground, and through armed struggle. The protracted armed struggle, being the main form of struggle in the national democratic revolution, is carried out by the New People's Army whose contingents are drawn mainly from the ranks of poor and middle peasants and farm workers. The role of the peasantry in the armed struggle is dictated by several factors, namely: 1) the peasants are the most numerous and most exploited segment of the population, 2) they have to secure and advance the gains of the agrarian revolution, and 3) they are the most reliable ally of the worker class in this and later phases of the revolution.

In areas in the countryside where the New People's Army is virtually in command of the situation, where the peasant masses are organized, and where the revolutionary land reform is being implemented (from the minimum program of rent reduction to the maximum program of outright land seizure), local organs of political power are established, exercising comprehensive leadership in the political, economic and cultural life of the masses.

On the whole, the peasants are engaged in an arduous enterprise significant not only to their class but to the other progressive classes and sectors of society as well. Principally, national industrialization is premised on the liberation of agricultural production from the stranglehold of US imperialist and local comprador-landlord interests. Among oppressed classes and sectors, the peasant masses bear the brunt of intense political and economic repression and exploitation, of military fascism and vigilante atrocities, of state counterrevolutionary propaganda and total war policies, and of cultural deprivation.

These are the realities which we have to bear in mind when we talk of the present development of peasant literature, the kind of literature which the organized peasants, other revolutionary forces and their allies produce and disseminate to advance the struggle, to strengthen the unity between workers and peasants, and to secure the widest support for the revolution by other progressive classes and sectors of Philippine society.

What are the implications of these realities to the character and development of revolutionary peasant literature?

First, the new peasant literature is guided by proletarian ideology. This literature asserts the supreme role of the basic masses in historical change, the alliance between the worker and peasant classes in the revolution and the leading role played by the worker class, and partisanship with the oppressed classes in the class struggle. It combats all bourgeois and feudal ideas, sentiments and aspirations which the ruling classes spread through the mass media, US and state propaganda agencies, and the traditional church in the hope of distracting and weaning the peasant masses away from their revolutionary enterprise. The heroes of this new literature are the workers and peasants through whose courage and sacrifices the victory of the struggle is assured.

The peasant in the new literature is the exact opposite of the subjectivist-sentimental, idyllic-pastoral, religio-populist, and reformist representations in much of the earlier peasant literature in the country, in the mythopoeic historiography of the academic structuralists, and in the literature of peasant cultural workers under the tutelage of the Lavaite Partido Komunista ng Pilipinas.

Second, the new literature advances the political struggle for national democracy, the main content of which is peasant emancipation from feudal and semifeudal bondage. In various creative ways, this literature disseminates the national democratic line, its program and perspectives, complementing and enlivening the more formal general mass education course given to activists, and reaching wider audiences. In launching mass campaigns and mass actions, this literature – mostly in the form of storytelling, oral poetry, songs and skits – serves as a weapon in agitating, organizing and mobilizing the peasant masses, whether to combat abusive landlords, militarization or anti-people government projects, or to support the economic, educational, health and other programs launched by people's organizations, including military operations by the New People's Army.

In this respect, revolutionary peasant literature, alongside other cultural actions which serve the new politics, is thus transformed into a material force as the masses take possession of revolutionary ideas with which they, as one united force, forge their way towards liberation. Consequently, as the material basis, that is, as the new political and economic structures

are established, this revolutionary literature as well as the other arts, science and technology, education and religion, turns into an instrument of cultural revolution, whose main task is "to reconstruct the system of education and to make the best achievements of culture available to the masses, thereby assuring their direct participation in managing economic, social and political affairs, creating a new intelligentsia, and forming a new culture. This new culture at this early phase of the revolution is national, scientific and mass culture.

Third, revolutionary peasant literature is developed in accordance with the principle of "from the masses, to the masses." The concreteness, variety and liveliness of much of this new literature stem from the practice of this principle, which entails intimate knowledge of the day-to-day life, struggles and aspirations of the masses, their language and their culture. Only in this manner can the writer achieve what is truly typical of the masses, that is, to discover where, based on their revolutionary program, interests and practice as a class, they are going; and to avoid pitfalls in revolutionary writing, such as tailism or adventurism, sloganeering, stereotyping, imposition of petty bourgeois sentiments on the revolutionary masses, and elitist tendency to look down on the masses and belittle their achievements and potentials.

An aspect of this principle deals with the question of popularization and raising of standards, a point which is much misunderstood. Popularization means popularizing national democratic ideas, experiences, sentiments and aspirations among the working masses, and on this basis, and in the furtherance of popularization, the political content and artistry of literary works are raised from the previous levels of performance, thus reflecting the variety and complexity of the political struggles of the masses, and their need for new and better artistic expressions as the struggle gets more intense and multifaceted and rises towards higher levels.

Fourth, the production, dissemination and further improvement of revolutionary peasant literature are a mass undertaking. As such, it involves all writers from the ranks of organized workers and peasants, Party cadres, Red fighters and urban petty bourgeois intellectuals, as well as their allies from the middle forces. Revolutionary writers, whether amateurs or specialists, employing traditional or modern literary forms, engaged in literary production as a main task or as occasions demand, all contribute to the development of this literature, quantitatively and qualitatively.

Literary works get disseminated in printed form through the regional mass newspapers, or rendered orally in mass gatherings in the villages or mountain camps of the New People's Army. Some of these works reach other regions, including urban centers, either in their original form or in translation or adaptation.

Literary mass criticism is the method employed to improve work in this field, using both political and artistic criteria. In this regard, the effect of literary work on the masses is of crucial importance, a question of whether the work impedes or advances the revolutionary struggle. At the moment, however, the main thrust is to encourage as many revolutionary writers to produce works on the peasant struggle, whether these works are addressed to the peasants as main audience and/or to the urban middle forces who must be won over to the side of the revolution.

And fifth, the new peasant literature is produced and disseminated under specific conditions of people's war and general cultural backwardness in the countryside.

Conditions in the countryside, given the further intensification of revolutionary guerrilla war and the counter-insurgency operations of the ruling regime, are highly volatile and require great flexibility and mobility in the operations of the revolutionary forces. At the same time, these require maximum concentration of resources – time, personnel and logistics – for the peasant mass movement and the war effort.

The countryside provides excellent conditions for waging a protracted people's war; even then, the uneven development in a semicolonial, semifeudal society such as the Philippines has resulted into a great gap between town and country, reducing the countryside to a life of extreme poverty, illiteracy and general cultural backwardness, a situation which it is to the interests of the ruling classes to perpetuate.

Under these conditions, revolutionary peasant literature is tasked with liberating the hearts and minds of the working masses from the stranglehold of bourgeois and feudal culture; only then can they embrace new ideas which represent their true class interests, and fight for their realization. The educational and axiological role of revolutionary literature is an essential component of revolutionary work, whether this is done in the field of mass mobilization, expansion, or consolidation.

All these conduce to the development of a countryside literature which is 1) generally marked by its sweep, concreteness and variety, for the most

part performed or rendered orally and visually for the greater section of the poor peasantry and farm workers; 2) a more or less complex literature embracing a wider field of revolutionary experiences, ideas and sentiments, a literature which answers the needs of the advanced revolutionary forces in the countryside and urban centers to support the peasant struggle which is at the core of the national struggle for liberation, democracy and progress in the country.

Lastly: in the agenda for a protracted people's democratic revolution, the countryside is envisaged as the political, economic, military and cultural bastion of the revolution. When that finally happens, for bastions take time and effort to build, the revolutionary peasant literature will be one fortress to defend people's gains and to advance the struggle on levels higher than this present one we see happening before our very eyes.

Lecture delivered during the second
PANULAT Congress, 1988.

TUNGKOL SA *BUTONG BINHI:* KALIPUNAN NG MGA AKDANG NAGWAGI SA GANTIMPALANG ANI 1987

MAY TATLONG MADALING-MAKITA'T magkakaugnay na problema sa kasalukuyang kalipunang ito ng mga likhang-pampanitikan ng mga magbubukid na manunulat at maka-magbubukid na manunulat mula sa mga panggitnang pwersa. Hindi naman ito dapat ipagtaka; sa katunayan, asahang iiral ang ganitong mga problema sa mahaba-habang panahon hangga't hindi ganap na nailalatag ang bagong mga materyal na batayan para sa mas mabilis na paglutas sa mga ito.

Ang mga problema:

Una, mangilan-ngilan ang lahok na nagmumula sa mga magbubukid na manunulat;

Ikalawa, mangilan-ngilang pormang pampanitikan ang nagagamit ng mga magbubukid na manunulat; at

Ikatlo, sa pangkalahata'y nagkukulang sa partikularidad, pagkakaiba-iba (variety) ng nilalaman at istilo, at kasiningan ang mga sulating mula sa kanila.

Kung tutuusin, isa na ngang panimulang pananagumpay ng kilusang magbubukid, o ng pangkalahatang kilusang pambansa-demokratiko, ang pagsisikap ng mga magbubukid na magsulat tungkol sa kanilang karanasan, damdamin at adhikain para sa pagbabago ng lipunan. Ibig sabihin, ang masiglang oral na tradisyong pangkultura ng masang magbubukid ay

nalalangkapan na ng nakasulat na panitikan at may nadedebelop nang tagatangkilik sa kanilang hanay na nakababasa't nakasusulat. Gayunman, nananatili ang mga batayang naglilimita sa mas malawak na paglikha at pagpapalaganap ng nakasulat na panitikan sa kanayunan. Ito'y ang mga sumusunod:

Una, ang kababaan ng antas ng literasi sa kanayunan. Ito ay resulta at kundisyon mismo ng pagsasamantala't pang-aapi ng mga uring komprador at asendero, na ang paghahari'y nakasalalay sa pagpapanatili ng karukhaan, pamahiin, kamangmangan at pagkaatrasado sa pulitika, ekonomya at kultura ng masang anakpawis.

Napakahalaga ng pagpapalaganap at pagpapataas ng antas ng literasi ng masang anakpawis kung kayat sa pananagumpay ng mga bansang tulad ng Rusyang Sobyet noong 1917 at Nicaragua noong 1979, ang pagpapatupad nito ay isa sa mga prioridad ng bagong gubyerno, sapagkat ito ang batayan ng pagpapaunlad ng kakayahan ng masang anakpawis para sa sariling pangangasiwa ng kanilang buhay-pampulitika, pang-ekonomya at pangkultura, ng pagbubuo ng mga bagong intelektwal mula sa kanilang hanay, at ng paglikha at pagtanggap ng mas marami, iba-iba at mahuhusay na mga obra sa sining at panitikan.

Kunsabagay, bago pa man maganap ang sintulad na pananagumpay sa ating bayan, ang mga organisasyong masa sa kanayunan at mga institusyong bayan na sumusuporta sa kanilang pangangailangan ay nagsasagawa na ng mga kampanyang literasi para ibayong mapaghusay ang pamumuno at pagkilos ng mga pwersa sa kilusang masa.

Ikalawa, ang antas ng pakikibakang pampulitika at pang-ekonomya ng masang magbubukid. Ang ibayong pag-igting ng kilusang magbubukid sa ilalim ng kasalukuyang rehimeng US-Aquino (sariling pagpapatupad ng rebolusyonaryong reporma sa lupa; pagtutol laban sa militarisasyon, vigilante, masaker, salvaging, pambobomba, ebakwasyon; pagpapalawak at pagpapatatag ng mga organisasyong masa at pagpapalarga ng kanilang mga programa) ay nangangailangan ng ibayong konsentrasyon ng mga pwersa, panahon at rekurso para sa pakikibaka. Batay sa ganitong kalagayan, ang paglikha ay pangunahing nakatuon sa pangangailangan ng taktikal na kampanyang masa, mabilis gawin at madaling ipalaganap, at nangangailangan ng kaunting bilang ng pwersa at lohistika. Maraming mahuhusay na obra ang nalikha at nalilikha sa ganitong kalagayan; gayunman, sa ganito ring kalagayan ng paglikha at paggamit nagmumula ang

karaniwang mga kahinaan, tulad ng de-padrong pagsusulat, ma-islogan, gasgas na paglalarawan, atbp., bagamat hindi matatawaran ang bisa ng kahit ganitong mga likha sa pagpapasigla ng kampanyang masa.

Sa kanayunan, mapapansing may ibayong sigla ang paglikha at pagpapalaganap ng sining at panitikan, oral o nakasulat, sa mga lugar kung saan nakapagsasagawa ng mga hakbang para sa tunay na reporma, malawak ang suportang masa sa armadong pakikibaka, matatag ang mga organisasyong masa at naglulunsad ng iba't ibang proyekto at kampanya, at may pamumuno sa gawaing pansining at pampanitikan. Ipinakikita nito ang kalahagahan ng bagong sining at panitikan para ihanda ang kaisipan ng masang anakpawis sa iba't ibang larangan ng pakikibaka at kumilos para sa pagpapaunlad ng mga ito.

At ikatlo, ang pagkakahiwalay ng magbubukid na manunulat na nasa kanayunan at manunulat mula sa mga panggitnang pwersa na nasa kalunsuran. May istorikal at makauring batayan ang ganitong pagkakahiwalay at pagkakaiba sa lipunang malakolonyal at malapyudal, tulad din naman ng pagkakahiwalay ng gawaing intelektwal at gawaing pisikal, ng nayon at lunsod. Ang pagkakahiwalay na ito ng mga intelektwal mula sa mga panggitnang pwersa at masang anakpawis (sa nayon at lunsod kapwa) ay lalong pinalulubha ng mga naghaharing uri para supilin ang kanilang pagkakaisa at pagkaitan ang masang anakpawis ng instrumento para sa paghuhubog ng paborableng opinyong publiko para sa kanilang ipinakikipaglaban.

Gayunman, sa simula pa lamang ng kilusang pambansa-demokratiko ay nailatag na ang mga prinsipyo at programa para sa mahigpit na ugnayan ng masang anakpawis at intelektwal, kabilang ang mga artista't manunulat, para sa pagsusulong ng kilusang propaganda at rebolusyong pangkultura.

Totoong ang mga kalagayang ito ang naglilimita sa mas malaganap na pagpapaunlad ng nakasulat na panitikang magbubukid sa kanayunan, pero ito rin ang mga kalagayang nagtatakda sa kahalagahan at nesesidad para sa pagyabong nito.

ISANG BAGONG PENOMENON sa ating lipunan ang magbubukid na manunulat, gayundin ang magbubukid na odyens na marunong magbasa't magsulat. Mahalaga ang pangangalaga at pagpapalago ng penomenong ito, hindi lamang para sa kasalukuyang pakikibaka kundi para sa paghahanda rin sa

kanila na mapangasiwaan ang kanilang buhay-pampulitika, pang-ekonomya at pangkultura, kahit ngayon at laluna sa hinaharap.

Ang pagpapaunlad ng bagong panitikang magbubukid, oral o nakasulat, ay gawain hindi lamang ng mga organisadong magbubukid kundi maging ng mga manggagawa, kadre, mandirigmang bayan at kaalyado mula sa mga panggitnang pwersa sa nayon at lunsod.

May mahalagang papel sa pagpapaunlad na ito ang mga pambansa-demokratikong manunulat mula sa hanay ng mga panggitnang pwersa, kanilang organisasyon, at institusyong bayan na sumusuporta sa kilusang masang magbubukid.

Una, dahil pangunahing pampulitikang tungkulin ng mga manunulat na ito na pagsilbihin ang kanilang panulat sa pakikibakang masa sa lunsod at nayon. Sinasakop ng kanilang pagsusulat ang pagkilos ng iba't ibang uri, sektor at saray ng lipunan sa rebolusyong pambansa-demokratiko, ang iba't ibang usapin, proseso at ugnayan sa loob at labas ng kilusan. Ang kanilang pagsusulat ay ginagabayan ng pinakawastong linyang pampulitika sa kasalukuyang pakikibaka at ng pangkalahatang prinsipyo ng paglilingkod sa masa.

Ikalawa, dahil nasa kanila ang kasanayan sa iba't ibang larangan ng sining at panitikan. Sa pamamagitan ng workshop, kontes, at panunuring masa, maibabahagi nila ang kanilang kaalaman sa mga bagong manunulat, laluna yaong mula sa masang anakpawis, at sa ganitong paraan ay mapaparami at mapapahusay ang mga bagong manunulat na ito. Sa ganito ring paraan, marami silang matututuhan mula sa mga bagong manunulat ng iba't ibang sektor, laluna ang punto ng mahigpit na ugnayan ng panitikan at kilusang masa at ang implikasyon nito sa nilalaman at paraan ng paggamit ng iba't ibang porma ng panitikan, oral o nakasulat.

At ikatlo, dahil may kasanayan at rekurso sila para sa mas malawak na pagpapalaganap ng bagong panitikan, kapwa yaong mga likha nila at likha ng mga manunulat mula sa masang anakpawis. Maisasalin nila ang mahuhusay na mga likha sa mga pangunahing lenggwahe sa bansa, gayundin sa iba't ibang porma ng sining at panitikang popular sa masa, tulad ng komiks, teyp, iskit, pelikula, at iba pa. Mapauunlad rin ang bago, dati o tradisyunal na daluyan ng sining at panitikan, gayundin ang bagong odyens para sa mga likha, sa kanayunan at kalunsuran.

Kung tutuusin, bagong manunulat rin ang mga pambansa-demokratikong manunulat mula sa mga panggitnang pwersa. Hindi na sila yaong

mga manunulat na lumilikha batay sa mga pagpapahalagang kolonyal, pyudal at elitista, pagpapahalagang suhetibista at makasarili. Ang batayan ng kanilang paglikha ngayon ay ang kilusang masa tungo sa pagbabago; ito ang pinagmumulan, pinagsisilbihan, at sumusukat sa kahalagahan ng kanilang mga likha at pagkilos.

ANG PANITIKANG MAGBUBUKID ay isang bahagi ng bagong panitikang bayan na nililikha at pinalalaganap sa kasalukuyang panahon ng pakikibaka para sa pambansang demokrasya. Bilang bahagi, ang panitikang ito ay ginagabayan ng pinakasulong na mga idea ng proletaryado at sumasalamin sa pagkilos ng lahat ng mga rebolusyonaryo't progresibong mamamayan para sa pagbabagong pampulitika, pang-ekonomya at pangkultura ng bansa. Bilang isang partikular na panitikan, sinasalamin nito ang mahigpit na ugnayan ng magbubukid at manggagawa, ang pakikipagkaisa ng masang anakpawis sa ibang progresibong uri at sektor, ang pagsusulong sa tunay na reporma ng agraryo at pangkalahatang pagbabago ng lipunan.

Mahalaga ang panitikang magbubukid na ito, gayundin ang iba pang panitikang umuunlad sa pagtataguyod ng kilusang pambansa-demokratiko, para sa pakikibaka ng may 70 porsyento ng mamamayang nasa kanayunan.

Di tulad ng lumang panitikang magbubukid, ang bagong panitikang magbubukid ay hindi populista. Hindi ito ginagabayan ng kaisipang petiburges, tulad ng sentimentalistang idealisasyon ng masang magbubukid o buhay-magbubukid. Pinalalaya at pinalalawak ng panitikang ito ang pagtingin ng masang magbubukid bilang pwersa sa pagbabago, hindi lamang ng umiiral na malakolonyal at malapyudal na relasyon ng produksyon sa lupa, kundi ng buong sistema ng paghahari sa lipunan.

